

EDUKASYONG PILIPINO SA PANAHON NG ARTIFICIAL INTELLIGENCE

by:

Adam Helson G. Elardo

Teacher III, St. Francis National High School

Malayo na ang narating ng ating sibilisasyon. Marami nang natuklasan at naimbento ang mga tao sa larang ng agham at teknolohiya. Sa katunayan, ang kayang gawin ng ilang araw noon ay isang kispas-mata na lang dulot ng mga makabagong teknolohiyang likha ng talino ng tao, isa na rito ang artificial intelligence o AI.

Ang AI o artipisyal na katalinuhan ay tumutukoy sa simulasyon ng teknolohiya o machine na mistulang gumagaya sa katalinuhan ng tao gaya ng kakayahang matuto, mag-isip at gumawa ng desisyon nang mag-isa. Layunin nito na magproseso at magtaya ng datos na nagtataglay ng kakayahan na magkaroon ng sariling kamalayan. Napadadali ng AI ang maraming bagay, napaiikli ang oras ng paggawa, at nagreresulta nang makabuluhang epekto sa lipunan.

Sa sistema ng edukasyon, kinakikitaan din ang AI nang malaking potensyal at mabuting dulot. Sinabi nga ni Chen (2020) sa kanyang pag-aaral na ang paggamit ng AI ay nagbubunga ng epektibo at epiyenteng resulta sa pagtuturo, pamamahala at pagtataya ng guro sa kanyang klase.

Ang aplikasyon ng AI sa edukasyon ay mayroong makabuluhang resulta sa pagganap ng mga tungkuling pang-administratibo at pamamahala ng pagtataya ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ito ay nagbibigay-daan sa mga guro at tagapamahala na gampanan ang kanilang tungkulin gaya ng mabilis na pagbibigay ng marka at pagbibigay ng feedback sa mga mag-aaral. Malaki ang naitutulong ng mga AI program na ito gaya ng Grammarly, TurnItIn, Ecree, PaperRater at iba pa sa mga guro upang

maging epektibo at episyenteng makapagwasto ng mga sulating-awtput ng mga mag-aaral mula plagiarism checking, pagmamarka at paglalahad ng feedback sa pagpapaunlad ng awtput ng mga mag-aaral.

Isa pang aspekto ng edukasyon na maaring magamit ang AI ay sa mga layunin ng pagtuturo at pagkatututo. Nakatutulong ito upang maihatid sa madaling paraan ang nilalaman ng kurikulum sa pamamagitan ng aktuwal na pagtuturo. Ang mga AI program gaya ng Deeptutor, Autotutor, Pokrivcakova, Mikropoulos, Natsis at iba pa ay makatutulong sa mga mag-aaral upang malinang ang kanilang kasanayan sa iba't ibang asignatura gamit ang mga interaktibong mga gawain at pagtuturo.

Totoong masaklaw ang kakayahan ng AI sa pagpapaunlad ng pagtuturo at pagkatuto. Maaari itong magsilbing makabagong instrumento na magbibigay ng mas malawak na oportunidad sa mga mag-aaral at guro upang maabot ang kanilang potensyal. Ngunit sa kabilang banda, dahil marami ang may kakayahan sa paggamit nito ay maari itong maabuso. Halimbawa, ang ChatGPT ay maaaring gamitin ng isang mag-aaral upang makabuo ng sanaysay nang walang kahirap-hirap. Ang pagsasakatuparan ng mga kasanayan na itinuro ng guro sa pagbuo ng nasabing sanaysay ay mapapawalang-bisa sapagkat computer generated na awtput ng mga mag-aaral. Ang aplikasyon ng karunungan ay hindi na maisasagawa na maaring magresulta sa mababang antas ng pagkatuto.

Maliban dito, maaari ding makaapekto sa pag-unlad ng pag-uugali ng tao ang gamit ng makabagong teknolohiya gaya ng pag-iinternet. Ayon kay Masakayan (2010) ay may epekto sa asal gaya ng respeto sa magulang at nakatatanda, pakikisama at relasyon sa pamilya ang paggamit ng internet. Maaari ring maging anti-social ang isang tao dagdag pa niya.

Ang paggamit AI sa edukasyon ay nagdudulot ng ilang potensyal na negatibong epekto, kahit na nag-aalok ito ng mga pagbabago, napakahalaga na maingat na tugunan ang mga hamong ito upang matiyak na ang mga benepisyo ng AI sa edukasyon ay magamit nang husto habang pinabababa ang anumang masamang kahihinatnan.

Ang paggamit ng teknolohiya gaya ng AI sa edukasyon ay maaring mag-ambag sa hindi pantay-pantay na access o digital divide, kung saan ang mga mag-aaral na may limitadong access sa teknolohiya o internet ay maaring mapag-iwanan. May panganib na palalain ng ganitong sistema ang mga kasalukuyang hindi pagkakapantay-pantay sa edukasyon. Ang masyadong pag-asa sa kakayahan ng AI ay maaaring humantong sa pagbaba ng antas sa mga tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo at sa sistema ng edukasyon. Ang sobrang pag-asa sa teknolohiya ay maaaring magresulta sa kakulangan ng personal na pakikipag-ugnayan, pagbabawas ng kalidad ng relasyon ng mag-aaral at guro at hadlangan ang pag-unlad ng mga kasanayang panlipunan.

Sa kabila ng mga positibong dulot ng AI sa edukasyon, mahalaga pa rin ang tungkulin ng mga guro bilang tagapagtaguyod ng mga mag-aaral sa kanilang paglalakbay sa pag-aaral. Dahil dito, obligasyon ng guro na maging maingat at matalino sa kanyang ginagampanang papel sa loob ng silid-aralan. Sa pagtuturo-pagkatuto ay hindi lang dapat nakatuon ang guro sa produkto kundi maging sa proseso. Kailangang magamit ang kapangyarihan ng teknolohiya upang maging lunsaran sa pagpapaunlad ng kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral at magamit ito upang lalong mapagbuti ang sistema ng pagtuturo ng guro. Sapagkat kung lahat ng bagay ay iaasa sa AI ay magiging mahina ang pundasyon ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa panahon ng rebolusyong industriyal at teknolohikal ay tunay na kapakipakinabang ang AI upang mapadali ang maraming bagay lalo na sa sistema ng edukasyon, ngunit katulad ng anumang bagay na sobra ay nakasasama.

Makalipas man ang maraming panahon, marami man ang matuklasan ng tao, wala pa ring papalit sa katalinuhang taglay ng isang mahusay na guro.

References:

Chen, L., Chen P., & Lin, Z. (2020). Artificial Intelligence in Education: A Review. Ieee Access, 8, 75264-75278

Masakayan, N. M. (2010). Ilang Hamon sa Pamilyang Filipino sa Panahon ng Internet. MALAY, 23(1).